



Lungsod ng Milpitas
COMMUNITY DEVELOPMENT BLOCK GRANT (BLOCK NA
IPINAGKALOOB PARA SA PAG-UNLAD NG KOMUNIDAD) (CDBG)
Notice of Funding Availability (Abiso ng Availability ng Pagpopondo)
(NOFA) Bukas ang Panahon ng Aplikasyon para sa FY 2024-2025

IBIBIGAY DITO ANG ABISO na ang panahon ng aplikasyon para sa Community Development Block Grant (Block na Ipinagkaloob para sa Pag-unlad ng Komunidad) ay magbubukas sa **Biyernes, Disyembre 8, 2023, at magsasara sa Lunes, Enero 8, 2024.**

Tumatanggap ang Lungsod ng Milpitas ng pagpopondo ng CDBG mula sa Department of Housing and Urban Development (Kagawaran sa Pabahay at Pagpapaunlad ng Lungsod) (HUD) para sa iba't ibang serbisyong pampubliko, aktibidad, at programa sa pabahay. Ibinabahagi ang pagpopondo ng CDBG sa mga piling programa batay sa pagiging posible at mga priyoridad na itinakda ng Konseho ng Lungsod, ang ilan sa mga nakaraang programa ay kinabibilangan ng mga serbisyo para sa mga nakatatanda, mga serbisyo ng kabataan, mga tirahan para sa mga walang tirahan, mga serbisyo sa pangangalaga ng bata, mga tirahan/serbisyo ng mga nakaligtas sa karahasan sa tahanan, pagkukumpuni/rehabilitasyon sa bahay, abot-kayang pabahay, rehabilitasyon ng paupahang apartment, at makasaysayang preserbasyon.

MAAARING MAG-APPLY ANG MGA INTERESADONG TAO sa pamamagitan ng pag-download ng aplikasyon na naka-post sa website ng Lungsod ng Milpitas (<https://ca-milpitas.civicplus.com/475/Federal-Program-Community-Development-BI>) o email address sa ibaba para sa isang aplikasyon. Magbibigay ang application ng higit pang mga detalye tungkol sa programa. Dapat i-email ang lahat ng mga aplikasyon sa housing@milpitas.gov **nang hindi lalampas ng Lunes, Enero 8, 2024, sa 5 p.m.**

Para sa lahat ng katanungan tungkol sa aplikasyon, pakikontak ang Housing Division (Dibisyon ng Pabahay) sa (408) 586-3222, housing@milpitas.gov.

Alinsunod sa Americans with Disabilities Act, gagawa ang Lungsod ng Milpitas ng mga makatwirang pagsisikap upang matugunan ang mga taong may kapansanan. Kung kailangan mo ng espesyal na akomodasyon, pakikontak ang Housing Division (Dibisyon ng Pabahay) sa (408) 586-3222 o housing@milpitas.gov.